Tagalog - Number 124
October 12, 2021

Mga Bakuna sa COVID-19
COVID-19 Vaccines

Ang pagbibigay ng kabal [immunization] ay nagliligtas ng maraming buhay sa Canada sa huling 50 mga taon kaysa sa anumang iba pang hakbang pangkalusugan.

Ano ang mga Bakuna sa COVID-19?

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay nagpoprotekta laban sa impeksyon mula sa matinding talamak na respiratoryong sindrom coronavirus 2 (SARS-CoV-2) na sanhi ng COVID-19. Ang mga bakuna ay sanhi ng iyong katawan upang makabuo ng mga antibody na makakatulong na protektahan ka mula sa pagkakaroon ng sakit kung malantad sa virus. Ang mga bakuna ay naaprubahan ng Health Canada.

Sino ang dapat kumuha ng mga bakuna?

Inirerekomenda ang pagbabakuna ng COVID-19 para sa mga taong 12 taong gulang at pataas. Ang karagdagang impormasyon, kasama ang kung paano magparehistro para sa bakuna, ay maaring matatagpuan sa website ng BCCDC: www.bccdc.ca/health-info/diseases-conditions/covid-19/covid-19-vaccine/vaccine-registration-eligibility.

Kung mayroon ka, o maaaring mayroon kang, COVID-19 dapat ka pa ring kumuha ng bakuna. Ito ay dahil maaaring wala kang kabal sa virus na sanhi ng COVID-19 at maaaring mahawahan at magkasakit muli.

Paano ibinibigay ang mga bakuna?

Ang mga bakuna ay ibinibigay sa pamamagitan ng iniksyon bilang 1 o 2 dosis. Kung nakatanggap ka ng bakuna na nangangailangan ng isang serye ng 2 dosis, mahalaga na makuha ang parehong dosis ng bakuna para sa buong proteksyon. Ang karagdagang dosis ng bakuna ay inirerekomenda para sa ilang mga tao na may huminang sistema ng panlaban sa sakit. Ang mga detalye ng kung sino ang dapat na kumuha ng karagdagang dosis ng bakuna ay maaaring matagpuan sa website ng Pamahalaan ng British Columbia: www2.gov.bc.ca/gov/content/covid-19/vaccine/register. Ang isang dosis ng booster ay inirerekomenda para sa mga residente ng mga pangmatagalang pangangalaga, may tulong sa pamumuhay na pasilidad at kahaliling antas ng mga kliyenteng pangangalaga na naghihintay na maipasok sa pangmatagalang pangangalaga.

Mahalaga na itago ang isang tala ng lahat ng natanggap na pagbabakuna. Siguraduhing dalhin ang iyong tala ng pagbabakuna kapag bumalik ka para sa iyong pangalawang dosis.

Ano ang dapat kong gawin pagkatapos kong makuha ang bakuna?

Matapos mong makuha ang bakuna, magpatuloy na sundin ang mga rekomendasyon ng pampublikong pangkalusugan, tulad ng: paghuhugas ng iyong mga kamay o gumamit ng pandisimpekta ng kamay, pisikal na pagdistansya at pagsuot ng maskara kung saan kinakailangan.

Ano ang mga benepisyo ng mga bakuna?

Ang mga bakuna ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ka laban sa COVID-19, na isang mapanganib at kung minsan ay nakamamatay na sakit. Sa mga klinikal na pagsubok, ang mga nakatanggap ng bakuna ay 63 percent hanggang 95 percent na mas malamang na hindi magkakasakit sa COVID-19 at halos ganap na protektado laban sa matinding sakit (pagpapa-ospital at pagkamatay). Kapag nabakunahan ka, nakakatulong ka ring protektahan ang iba, kasama na ang mga hindi nakakuha ng bakuna.

Ano ang mga posibleng reaksyon pagkatapos ng mga bakuna?

Napakaligtas ang mga bakuna. Mas ligtas na makuha ang bakuna kaysa makakuha ng COVID-19. Ang mga bakuna ay hindi mga buhay na virus na bakuna at hindi maaaring makapagbigay sa iyo ng COVID-19. Ang mga karaniwang reaksyon sa mga bakuna ay maaaring kasama ang pagkasakit, pamumula, pamamaga at kati kung saan ibinigay ang bakuna. Para sa ilang mga tao, ang mga reaksyong ito ay maaaring magpakita ng 8 o higit pang mga araw pagkatapos makuha ang bakuna. Ang iba pang mga reaksyon ay maaaring kasama ang pagkapagod, sakit ng ulo, lagnat, panginginig, sakit ng kalamnan o kasukasuan, namamaga na mga lymph node sa ilalim ng kilikili, pagduwal at pagsusuka. Ang mga reaksyon na ito ay banayad at sa pangkalahatan ay tatagal ng 1 hanggang 2 araw. Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa anumang mga sintomas na nagkaroon ka pagkatapos matanggap ang bakuna, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o tumawag sa **8-1-1** para sa payo.

Ang mga bihirang kaso ng malubhang pamumuo ng dugo (halos 1 sa 50,000) ay naiulat matapos makuha ang unang dosis ng AstraZeneca, COVISHIELD at Janssen na mga bakuna. Ang antas pagkatapos ng pangalawang dosis ng bakunang AstraZeneca o COVISHIELD ay halos 1 sa 600,000. Ang mga taong pipiliing hindi makakuha ng ikalawang dosis na bakunang AstraZeneca o COVISHIELD ay makakakuha ng isa pang bakuna sa COVID-19 (Pfizer o Moderna) upang makumpleto and kanilang seya ng bakuna.

Ang mga bihirang kaso ng pamamaga ng puso (myocarditis and pericarditis) ay naiulat matapos makuha ang bakunang Pfizer o Moderna. Ito ay madalas na naganap pagkatapos ng pangalawang dosis sa antas na halos 1 bawa't 100,000 mga pangalawang dosis, at napansin ang karamihan sa mga lalaking wala pang 30 taong gulang.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring inumin para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

Para sa impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome.

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil halos 1 sa isang milyong tao ay maaaring magkaroon ng isang nagbabanta-sa-buhay na alerhiyang reaksiyon na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksyong ito, handa ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pamamagitan ng ambulansya sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya. Kung magkakaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o ang iyong lokal na numero ng emerhensiya.

Palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Sino ang hindi dapat kumuha ng mga bakuna?

Hindi ka dapat kumuha ng mga bakuna kung ikaw ay may malubhang alerhiya (anaphylaxis) sa:

- Polyethylene glycol (PEG) na nasa parehong Moderna at Pfizer COVID-19 na mga bakuna. Ang PEG ay matatagpuan sa ilang mga kosmetiko, mga produkto ng pangangalaga sa balat, mga pampurga, mga sirop ng ubo, at mga produktong paghahanda ng bituka para sa colonoscopy. Ang PEG ay maaaring kasama sa ilang mga pagkaing naproseso at mga inumin ngunit walang inulat na mga kaso ng anaphylaxis sa PEG sa mga pagkain at mga inumin
- Ang Polysorbate 80 na nasa mga bakunang AstraZeneca at COVIDSHIELD. Matatagpuan din ito sa mga medikal na paghahanda (hal., mga bitaminang langis, mga tabletetas at mga ahente laban sa kanser) at mga pampaganda
- Isang nakaraang dosis ng bakuna sa COVID-19 o sa anumang bahagi ng bakuna

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang anaphylaxis na may hindi kilalang dahilan.

Kung nakaranas ka ng trombosis (pamumuo ng dugo) na may thrombositopenia (mababang mga platelet ng dugo) pagkatapos ng dosis ng bakunang AstraZeneca 0 COVISHIELD hindi ka dapat kumuha ng isa pang dosis ng mga bakunang ito. Kung mayroon kang isang kasaysayan ng[sindrom na tumatagas na maliit na daluyan ng dugo [capillary leak syndrome] hindi ka dapat makakuha ng mga bakunang AstraZeneca o COVISHIELD.

Mayroon bang mga karagdagang pagsasaalang-alang sa pagkuha ng bakuna?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay:

- Nakatanggap ng isang monoclonal antibody o convalescent plasma para sa paggamot o pag-iwas sa COVID-19
- Nasuri na may pamamaga ng puso (myocarditis o pericarditis) ng isang manggagamot pagkatapos ng iyong unang dosis ng COVID-19 na bakunang Moderna o Pfizer nang walang ibang dahilan na nakilala
- Nagkaroon ng cerebral venous sinus thrombosis na may thrombositopenia o heparin-sapilitang thrombositopenia
- Mayroong isang kasaysayan ng sindrom ng nagpapasiklab sa maraming sistema [multisystem inflammatory syndrome] kasunod sa COVID-19
- May mga sintomas ng COVID-19

Kung mayroon kang isang bagong sakit na pumipigil sa iyo mula sa iyong mga regular na aktibidad, dapat kang maghintay hanggang sa gumaling ka. Makakatulong ito upang makilala ang mga epekto ng bakuna mula sa paglala ng iyong sakit.

Ano ang COVID-19?

Ang COVID-19 ay isang impeksyon sa mga daanan ng hangin at mga baga na sanhi ng SARS-CoV-2 coronavirus. Ang mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring magsama ng ubo, igsi ng paghinga, lagnat, panginginig, pagkapagod at pagkawala ng amoy o panlasa. Habang ang ilang mga tao na may COVID-19 ay maaaring walang mga sintomas o banayad na mga sintomas lamang, ang iba ay maaaring mangailangang ma-ospital at maaaring mamatay. Ang malubhang karamdaman ay mas karaniwan sa mga mas matatanda at sa mga may tiyak na talamak na kondisyon sa kalusugan tulad ng diyabetis, sakit sa puso o sakit sa baga. Para sa ilang mga tao, ang mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring tumagal ng mga linggo o mas matagal. Ang mga pangmatagalang epekto ng COVID-19 sa kalusugan ng isang tao ay hindi alam.

Paano kumakalat ang COVID-19?

Ang virus na sanhi ng COVID-19 ay kumakalat mula sa bawa't tao sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing, pakikipag-usap at pagkanta. Maaari rin itong kumalat sa pamamagitan ng paghipo ng isang bagay o ibabaw na may virus at pagkatapos ay hawakan ang iyong mga mata, ilong o bibig.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga bakuna sa COVID-19, bisitahin ang pahina ng bakuna ng COVID-19 ng BCCDC www.bccdc.ca/health-info/diseases-conditions/covid-19/covid-19-vaccine.

MÉTIS NATION BRITISH COLUMBIA
First Nations Health Authority Health through wellness
BCAAFC | BC Association of Aboriginal Friendship Centres
BC Centre for Disease Control